

## **Patakarang ng Nuvance Health sa Pagbisita**

Para masiguro ang malusog at ligtas na kapaligiran para sa aming mga pasyente, kawani, at bisita sa panahon ng pandemyang COVID-19, ipinatupad ng Nuvance Health ang sumusunod na patakarang sa pagbisita. Ang mga patnubay na ito ay makatutulong sa inyong paghahanda para sa susunod ninyong pagbisita sa ospital o pasilidad ng Nuvance Health.

### **Ang mga Kamakailang Pagbabago na dapat Bigyan ng Pansin Epektibo sa Nobyembre 2:**

#### **1. Mas Pinahabang mga orasng Pagbisita:**

Mangyaring tandaan na ang mga oras ng pagbisita ng ospital ay mas pinahaba na. Para sa mas maraming kaalaman mangyaring tignan ang mga tiyak na oras ng ospital.

Pinahihintulutan ng Nuvance Health ang **isang bantay sa bawat araw para sa mga pasyente na hindi pinaghinihinalaan o nakumpirmang mayroong COVID-19**. Kasama dito ang inpatient, Emergency Department, Nuvance Health Medical Practices, at mga ambulatory na serbisyo. Ang mga pasyenteng pinaghinihinalaan o kumpirmadong may COVID ay pahihintulutan ng pagbisita para lang sa mga makatuwirang dahilan at espesyal na mga populasyon ng pasyente ayon sa nakalarawan sa patakarang ito.

#### **2. Mga Specialty na Silid-hintayan:**

Ang mga silid-hintayan para sa OR/operasyon sa parehong araw o mga pamamaraan sa paggamot sa parehong araw ay muling magbubukas simula Nobyembre 2 ngunit ito ay susunod sa mahigpit na mga limitasyon sa kapasidad batay sa bawat espasyo. Kapag naabot ang pinakamataas na kapasidad, walang karagdagang bantay ang papayagang gamitin ang espasyo. Mangyaring tandaan na ang bagong Vassar Brothers Medical Center Patient Pavilion OR silid-hintayan ay mananatling sarado sa panahong ito.

#### **3. Kinakailangan ang patunay ng pagbabakuna o negatibong resulta ng pagsusuri para sa mga bisita ng Pediatric at NICU maliban sa magulang o tagapag-alaga:**

**Ang mga pasyenteng wala pang 21 taong gulang (kasama ang NICU):** Ang itinalagang dalawang magulang at o tagapag-alaga ay maaaring naroroon sa lahat ng oras nang hindi na kailangang magpakita ng patunay ng ganap na pagkabakuna o kamakailang negatibong resulta ng pagsusuri. Sinumang ibang bisita na papasok sa panahon ng karaniwang oras ng pagbisita ay kailangang magpakita ng patunay ng negatibong resulta ng pagsusuri o ganap na pagkabakuna.

Kasama dito:

- Ang Mga Patnubay sa Pagbisita para sa Mga Espesyal na Populasyon ng Pasyente, Mga Pasyenteng Mas Bata sa 21, Mga Neonatal na Pasyente, Pasyente na Maternity, at Mga Makatuwirang dahilan.
- Kailangang Dokumentasyon para sa Pagbisita:
- Mga Patnubay ng Ospital
- Patnubay sa Mga Personal na Gamit
- Patnubay sa Outpatient at Pagbisita para obserbahan ang Paraan ng Pangagamot
- Patnubay ng Emergency Department
- Patnubay sa Pagbisita ng Kalusugan ng Paggawi ng Inpatient
- Patnubay sa Mga Eucharistic na Ministro at Clergy ng Komunidad
- Kabuuang Patakaran sa Pagbisita

## **Ang Mga Patnubay sa Pagbisita para sa Mga Espesyal na Populasyon, Mga Pasyenteng Mas Bata sa Edad na 21, Mga Neonatal na Pasyente, Maternity na Pasyente, at Mga may makatuwirang dahilan**

---

**Ang mga pasyenteng mas bata sa 21** — Hanggang dalawang (itinalaga at hindi nagbabago) magulang o bantay ang pinahihintulutan na samahan ang pasyente sa tabi ng kama sa kabuuan nang tagal ng pananatili sa ospital basta't pinahihintulutan ng mga pamantayan sa social-distancing at ligtas na occupancy. Ang mga pediatric na pasyente ay maaaring mabisita ng (mga) kapatid sa oras ng pagbisita sa ospital kung naituring na terapeutiko sa pasyente o pamilya ng pangkat ng pangangalagang klinikal. Ang mga bata ay dapat manatili sa loob ng kuwarto ng pasyente sa kabuuan ng buong pagbisita. Ang mga silid na pinaglalaruan o mga espasyo na ginagamit ng lahat ay mananatiling sarado maliban kung ang mga bisita ay ganap na nabakunahan at inaprubahan ng pangkat ng klinika.

**Ang mga Yunit para sa Masinsinang Pagaaruga ng mga Neonatal** — Ang pagbisita sa mga NICU sa buong Nuvance Health ay limitado lamang sa dalawang (2) tao ang nasa tabi ng kama sa bawat pagkakataon. Isa sa dalawang bisita ay dapat na may band na magulang/tagapag-alaga. Ang pagbisita ng mga magulang/tagapag-alaga na may band ay maaaring sa anumang oras para suportahan ang pangangalaga ng kanilang sanggol. Ang pagbisita ng walang band na bantay ay limitado sa mga oras ng pagbibisita sa ospital. Ang (mga) bantay na kasama ng mga magulang/mga tagapag-alaga ay maaaring magbago sa diskresyon ng mga magulang/mga tagapag-alaga na sa palagay nila ay mahalaga sa pag-aalaga sa sanggol at sa pamilya.

### **Mga Pasyente na mas mababa ng 21 taong gulang (kabilang ang NICU):**

Ang nakatalaga na dalawang magulang at o tagapag-alaga ay maaaring naroroon sa lahat ng oras na hindi na kailangang magpakita ng patunay na ganap na

nabakunahan o nagkaroon ng kamakailang negatibong resulta ng pagsusuri. Sinumang ibang bisita na papasok sa panahon ng karaniwang oras ng pagbisita ay kailangang sumunod sa patakaran ng pagpapatunay ng negatibong resulta ng pagsusuri o may ganap na pagkabakuna.

**Mga maternity na pasyente** — Dalawang bantay, kasama ang sinanay na doula, ay maaaring sumama sa mga obstetric na pasyente sa panahon ng antepartum, labor, panganganak at postpartum na pag-aalaga. Ang nakatalaga at hindi napapalitan bantay at/o sinanay na doula ay dapat manatiling pareho sa buong oras ng admisyon. Ang magdamagang pagbisita ay maaaring limitado para sa kaligtasan sa pagpapakabo at alalahanin sa kapasidad.

Kung sa anumang oras na ang (mga) bantay ay nagpapakita ng sintomas ng COVID-19, muli silang isasailalim sa pagsusuri ng pangkat ng klinikal at maaaring hilingin na umalis sa ospital. Sa oras na iyon, ang (mga) alternatibong bantay ay maaaring mapili at kailangang sumunod din sa parehong proseso ng pagsasala.

**Mga Makatuwirang Dahilan** — Titiyakin ng pangkat na nag-aalaga sa pasyente kung ang mga makatuwirang dahilan ay naaangkop at tatalakayin ang mga ito kasama ang pasyente at kanilang (mga) bantay. Maaaring kasama sa mga makatuwirang dahilan ang:

- Ang mga pasyenteng nasa kritikal na kundisyon kapag napipinto ang kamatayan: hanggang sa apat (umiikot) na bantay ay maaaring italaga para manatiling kasama ng mga pasyente sa tabi ng kama, kung may espasyo.
- Ang mga pasyenteng may pisikal, intelektuwal/developmental o kognitibo na kapansanan; mga hadlang sa komunikasyon o alalahanin sa pag-gawi bago ang pagkakaospital; at/o kailangan ng tulong dahil sa mga espesipiko ng kanilang kapansanan, ay maaaring may isang italagang bantay na kasama nila sa kabuuan ng pagkakaospital nila para suportahan ang kanilang mga pangangailangan na may kaugnay sa kanilang kapansanan. Ang isang karagdagang bisita ay maaari ring sumama sa pasyente sa itinalagang mga oras ng pagbisita ng ospital.

## **Kinakailangan Dokumentasyon para sa Pagbisita:**

Mula Oktubre 5, ang mga bisita sa mga ospital at pasilidad ng Nuvance Health ay dapat magbigay ng **katibayan na ganap na nabakunahan o negatibong resulta ng pagsusuri ng COVID-19 na nakuha sa loob ng 72 oras upang pumasok**. Inilalapat ito sa lahat ng mga pasilidad kasama ang Inpatient, Mga Medikal na Practice at Emergency Department.

Ang mga Espesyal na Populasyon at mga bisita na may mga makatuwirang dahilan ay maaaring hilingin na magbigay ng dokumentasyon ngunit ang

pagbibigay ng dokumentasyon ay hindi kinakailangan para bumisita para sa mga pangkat na ito. Mangyaring tingnan ang mga detalye sa ibaba.

### **Kailangan ng katibayan ng pagbabakuna o negatibong resulta ng pagsusuri para sa mga bisita ng mga pasyente ng Maternity, Pediatric at NICU.**

#### **Ang mga pasyenteng mas mababa sa 21 taong gulang (Kasama ang NICU):**

Ang itinalagang dalawang magulang at o tagapag-alaga ay maaaring naroon sa lahat ng pagkakataon na di kinakailangang magpakita ng katibayan na ganap na nabakunahan o kamakailang resulta ng pagsusuri. Sinumang ibang bisita na papasok sa panahon ng karaniwang oras ng pagbisita ay kailangang sumunod sa patakaran ng pagpapatunay ng negatibong resulta ng pagsusuri o may ganap na pagkabakuna.

**Ang Maternity:** Ang nakatalaga na dalawang bantay ay maaaring naroroon na hindi na kailangang magpakita ng patunay na ganap na nabakunahan o kamakailang negatibong resulta ng pagsusuri. Dalawang hindi-nagbabagong bantay lang ang pinapahintulutang bumisita sa mga pasyente ng maternity.

#### **Mga katanggap-tanggap na uri ng dokumentasyon sa pagbabakuna:**

- Isang pisikal na kopya ng iyong card ng pagbabakuna
- Isang litrato ng iyong card ng pagbabakuna
- Isang digital na kopya ang iyong card ng pagbabakuna
- Dokumentasyon mula sa iyong tagapaglaan sa pag-aalaga ng kalusugan na nagpapakita ng mga petsa ng pagbabakuna, pangalan ng tagapaglaan at aprubado ng WHO na bakunang inilapat
- Ang ibig sabihin ng “ganap na nabakunahan” ay nakuha mo na ang pangalawa mong dosya ng Pfizer o Moderna o ang iyong isang-dosya na bakuna ng J&J nang dalawang linggo man lang ang nakaraan

#### **Mga katanggap-tanggap na uri ng pagsusuri ng COVID-19:**

- Kapwa ang antigen at molecular na pagsusuri ay mga katanggap-tanggap na uri ng pagsusuri ng COVID-19.
- Ang anumang pagsusuri na ginawa sa pamamagitan ng tagapaghatid ng pangangalaga sa kalusugan o lisensiyadong tanggapan ng pagsusuri ng COVID ay makatutugon sa mga kinakailangang ito.

Pakitandaan na hindi matatanggap ng Nuvance Health ang mga resulta ng mga pagsusuri na sariling isinagawa tulad ng mga pambahay na mga pagsusuri ng COVID-19 na tinitinda ng mga parmasya at mga retail na tindahan—maliban kung ang pagsusuri ay nangangailangan ng obserbasyon at interpretasyon ng propesyonal ng pangkalusugan at nagbibigay ng kasama nitong negatibong sertipikasyon.

Maaring hilingin sa mga bisita ng espesyal na populasyon at may mga makatuwirang dahilan na magpakita ng dokumentasyon ngunit hindi hahadlangan ang pagpasok kung walang maipakitang dokumentasyon.

Kung kailangan mong bisitahin ang pasyenteng nakararanas ng matagal na pagkakaospital, o paulit-ulit na mga pagbisita sa outpatient sa maikling panahon, ang pagsusuri ay dapat ulitin sa bawat 72 oras. Kailangang ipakita ang bagong negatibong mga resulta ng pagsusuri sa muling pagpasok para sa mga bisitang hindi pa ganap na nabakunahan.

Ang bawat pagsusumikap ay gagawin para magbigay ng mga referral sa mga lokasyon ng pagsusuri sa komunidad. Ang mga mabilisang pagsusuri ay hindi ibibigay sa mga bisita sa mga pasilidad ng Nuvance Health dahil sa limitadong pagkakaroon ng mga supply na dapat inuuna para sa mga pasyenteng nakatatanggap ng pangangalaga.

Ang impormasyon kung saan makatatanggap ng libre at ligtas na bakuna ay ilalaan din sa mga polyeto at sa aming website. Ang pagbabakuna ay ang pinakamahasag na paraan para masiguro ang kaligtasan sa mga kapaligiran ng pangangalaga sa kalusugan na naninilbihan sa mga pinakamahirang miyembro ng komunidad.

## **Mga Oras ng Pagbisita at Pasukan ng Ospital**

---

### **Danbury Hospital**

#### **Inpatient na Pag-aalaga:**

Ang mga Oras ng Pagbisita ay 11 am – 8 pm araw-araw

Mga Bukas na Pasukan:

- Pangunahing Pasukan sa Peter & Carmen Lucia Buck Pavilion (pumarada sa garahe ng Rizzo, o i-valet ang kotse mo)
- Stroock Building (pumarada sa Gold o Red garage, o i-valet ang kotse mo)
- Pasukan ng Yunit ng Ambulatory Surgery
- Danbury Hospital Medical Arts Center (DHMAC)

\*\*\*

### **New Milford Hospital**

#### **Inpatient na Pag-aalaga:**

Ang mga Oras ng Pagbisita ay 11 am – 8 pm araw-araw

Mga Bukas na Pasukan:



- Pasukan sa Emergency Department
- Pangunahing Pasukan sa Harapan

\*\*\*

## Norwalk Hospital

### Inpatient na Pag-aalaga:

- Ang mga Oras ng Pagbisita ay 11 am – 8 pm araw-araw
- Bukas na Pasukan: Pangunahing Pavilion Entrance

\*\*\*

## Northern Dutchess Hospital

### Inpatient na Pagbisita: Mga Oras ng 11 am – 8 pm araw-araw

(Mangyaring tandaan na habang ang mga oras ng pagbisita ay pinahaba hanggang 8 pm, ang lahat ng mga bisita ay kailangang dumating nang hindi lalampas sa 6:30 pm para ma-check in.)

- Bukas na Pasukan: Pangunahing Pasukan sa Harapan

\*\*\*

## Putnam Hospital

### Inpatient na Pag-aalaga:

Ang mga Oras ng Pagbisita ay 11 am – 8 pm araw-araw

Mga Bukas na Pasukan:

- Pangunahing Pasukan sa Harapan

\*\*\*

## Sharon Hospital

### Inpatient na Pag-aalaga:

Ang mga Oras ng Pagbisita ay 11 am – 8 pm araw-araw

Mga Bukas na Pasukan:

- Pangunahing Pasukan Lunes hanggang Biyernes hanggang 4:30 pm
- Pasukan sa Emergency Department makalipas ang 4:30 pm Lunes hanggang Biyernes at 2 pm- 6 pm Sabado at Linggo

\*\*\*

## **Vassar Brothers Medical Center**

### **Inpatient na Pag-aalaga:**

Ang mga Oras ng Pagbisita ay 11 am – 8 pm araw-araw  
(Mangyaring tandaan na habang ang mga oras ng pagbisita ay pinahaba hanggang 8 pm, ang lahat ng mga bisita ay kailangang dumating nang hindi lalampas sa 6:30 pm para ma-check in.)

- Bukas na Pasukan: Pangunahing Pasukan sa Harapan

### **Parehong Araw ng mga Pamamaraan sa Paggamot/Parehong Araw ng Operasyon:**

Ang silid-hintayan ng Bagong Vassar Brothers Medical Center Patient Pavilion OR ay mananatiling sarado sa panahong ito.

*Ang mga bantay na kasalukuyang pinapahintulutan sa mga sumusunod na lugar: Mga Suite ng Cardiac Catheterization at Endoscopy.*

\*\*\*

### **Patnubay sa Mga Personal na Gamit**

- Maaaring mag-iwan ang pamilya/tagapagbigay ng pangangalaga ng mahahalagang personal na gamit para sa mga pasyente, tulad ng damit, contact lenses/salamin, mga hearing aid( tulong sa pandinig), mga mobile na aparato, laptop, at mga charger.

### **Patnubay sa Outpatient at Pagbisita para obserbahan ang pamamaraan ng Medical Practice**

- Ang pagbisita ay pinahihintulutan para sa isang (hindi nagbabagong) bantay maliban kung ang pag-aalaga ay para sa espesyal na populasyon o mayroong makatuwirang dahilan. Dahil sa mga kinakailangan sa paghihigpit sa social distancing at ligtas na occupancy, ang bantay ay hindi papayagang gumamit ng silid-hintayan at uutusan na maghintay nang ligtas sa labas ng pasilidad at muling samahan ang pasyente sa sandaling ang pasyente ay sinamahan sa isang pribadong silid ng paggamot (hindi kasama ang mga espesyal na populasyon at may mga makatuwirang dahilan).
- Ang mga silid-hintayan para sa OR/operasyon sa parehong araw o mga pamamaraan sa paggamot sa parehong araw ay muling magbubukas simula Nobyembre 2 ngunit ito ay susunod sa mahigpit na mga limitasyon sa kapasidad batay sa bawat espasyo. Kapag naabot ang pinakamataas na kapasidad, walang karagdagang bantay ang pahihintulutang gumamit sa espasyo. Mangyaring tandaan na ang bagong Vassar Brothers Medical Center Patient Pavilion OR silid-hintayan ay mananatling sarado sa panahong ito.

- Para sa mga setting ng pangangalaga sa maramihang mga pasyente sa isang silid, ang pagbisita ay babawasan o babaguhin para matiyak na ang mga alituntunin ng social distancing para sa kaligtasan ng lahat ng mga pasyente, kawani at bisita. Ang mga sumusunod na lugar, dahil sa limitasyon sa espasyo, ay hindi makatatanggap ng bantay sa ngayon maliban sa mga makatuwirang dahilan: Pangangalaga sa may kanser (mga tanggapan lamang ng infusion- mangyaring tumawag bago ang pagbisita kung kailangan ng bantay sa infusion upang pag-usapan ang mga opsyon kasama ang pangkat ng pangangalaga), mga serbisyo sa ngipin, lab, rehabilitasyon, imaging, at paglilinis ng sugat.

## **Patnubay sa Pagbisita ng Emergency Department**

- Ang limitadong pagbisita sa Emergency Department ay pinahihintulutan para sa mga pasyente na walang hinihinala o kumpirmadong sakit na COVID, at pahihintulutan sila ng isang (hindi nagbabago) na screened na pangsUPPORTANG tao.
- Dahil sa mga kinakailangan sa paghihigpit sa social distancing at ligtas na occupancy, ang taong sumusuporta ay hindi papayagang gumamit ng wait-room at aatasan na maghintay nang ligtas sa labas ng ospital at muling samahan ang pasyente sa sandaling ang pasyente ay sinamahan sa isang pribadong silid ng paggamot (ang mga espesyal na populasyon at nagpapalakas na pangyayari ay hindi kasama). Pakitandaan na and ED na pagbisita ay maaaring panandaliang ihinto para sa mga alalahaning kaligtasan o pagpapatakbo.
- Sa isang pangyayari kung saan dumating ang pasyente na may kasamang ibang tao bukod sa kanilang pangsUPPORTANG tao, halimbawa ng isang kapitbahay, at dumating ang kanilang partner sa pag-aalaga, ang nasabing partner sa pag-aalagang iyon, na kritikal sa at may kaalaman tungkol sa pag-aalaga ng pasyente, ay papayagang palitan ang kapit-bahay.
- Ang mga pasyenteng hinihinala o kumpirmadong may COVID na sakit ay hindi papayagan ng pangsUPPORTANG tao maliban kung ang pasyente ay mas bata sa edad na 21, isang maternity na pasyente o kung may matitibay na pagkakataong mailalapat.

## **Patnubay sa Pagbisita ng Kalusugan ng Paggawi ng Inpatient**

- Ang mga pagbisita ng kalusugan ng paggawi ng inpatient ay makukuha ayon sa appointment lang at pinahihintulutan para sa mga pasyente nang walang pinaghihinalaan o kumpirmadong sakit na COVID.



- Ang mga pasyente ay papayagan na magkaroon ng isang (hindi nagbabago) nasala na bantay (maliban sa nakabahaging kuwarto at pinaghihinalaan o kumpirmadong COVID). Ang pagbabagong ito ay mailalapat sa hindi espesyal na populasyon o sa walang mga makatuwirang dahilan. Ang pinakamatagal na mga pagbisita ay 30 minuto. Pakitandaan na ang pagbisita ng kalusugan ng paggawi ng inpatient ay maaaring panandaliang ihinto para sa kalusugan o alalahanin sa pagpapatakbo at umaasa sa plano ng paggamot.

## **Patnubay sa Mga Eucharistic na Ministro at Clergy ng Komunidad**

- Pinapayagan ang Mga Eucharistic na Ministro at Klergy ng Komunidad na bumisita, sa kundisyong:
  - Mayroon silang mga badge ng ospital
  - Ganap na silang nabakunahan: laging mandatoryo ang masking at proteksiyon ng mata
  - Dumalo sila sa refresher na oryentasyon
  - Ang pagbisita sa mga pasyenteng nasa ilalim ng mga isolation precaution ay limitado sa 60 minuto (hindi hihigit sa isang beses bawat araw)
  - Ang rehistro ng Clergy ng Komunidad sa mga harapang desk ng bawat ospital at ibigay ang (mga) pangalan ng mga bibisitahin nila upang magsagawa ng contact tracing kung kinakailangan.
  - Ang Clergy ng Komunidad ay hindi mabibilang na itinalagang bantay sa gayon ang pasyente ay maaaring magkaroon ng kasing daming bantay kung pinahihintulutan ng kanilang kalagayan bilang karagdagan sa Eucharistic na Ministro/Clergy ng Komunidad.

## **Ang Kabuuang Patakaran sa Pagbisita**

---

Iminumungkahi namin na bisitahin lamang ang pasyente kung sa pakiramdam mo ay talagang kailangan ito gaya ng ikaw ang kanilang tagapag-alaga, pangunahing bantay at aktibong kalahok sa kanilang pangangalagang medikal.

- Para sa espesyal na populasyon at mga pasyenteng may makatuwirang dahilan, ang (mga) aprubadong bisita ay maaaring lumabas sa ospital at bumalik sa araw ding iyon.
- Ang mga bisita na nasa edad na 18 at mas matanda ay pinapayagang bumisita kung natutugunan nila ang mga partikular na pangangailangan para sa aprubadong pagbisita. Ang mga bihirang hindi kasama ay para sa mga bisitang nasa edad na 17 at mas bata ay maaaring ilapat sa mga may matitibay na sirkumstansiya. Ang mga pediatric na pasyente ay maaaring mabisita ng (mga) kapatid sa oras ng pagbisita sa ospital kung naituring na therapeutic sa pasyente o pamilya ng pangkat ng pangangalagang klinikal.

Ang mga bata ay dapat manatili sa loob ng kuwarto ng pasyente sa kabuuan ng buong pagbisita.

- Maaaring magpatuloy ang personal na klaseng kaugnay ng kalusugan at wellness na sumusunod sa inaatas sa screening, social distancing at masking. Maaaring may ilang mataas ang peligro, populasyon na karamihan ay immunocompromised na pasyente kung saan ang mga klase ay maaaring kailangang manatiling limitado ang kapasidad o nasa labas/virtual ayon sa inabisuhan ng mga mahahalagang departamento.
- Ang mga maternity na personal na tour ay limitado sa maximum ng dalawa (2) sa bawat pagkakataon (ina at pangsuyong tao/partner) at isinasagawa ayon lang sa appointment.

### **Lahat ng mga bisita ay dapat makatugon sa mga sumusunod na inaatas bago sila maaprubahang bumisita:**

- Ang mga bisita ay dapat dumating na may suot na medikal grade na face mask. Mangyaring huwag magsuot ng mask na may valve, o bandana, scarf, o ibang anumang klase ng takip sa mukha. Ang mask ay dapat laging maayos na suot. **Ang mga bisitang hindi makakapanatiling may mask matapos makatanggap ng isang babala ay sasamahan palabas ng security.**
- Ang mga bisita ay kailangang magpakita ng ID na may litrato na bigay ng gobyerno (mga halimbawa: driver's license, pasaporte) para mag-check-in. Ang impormasyon sa contact tracing ay itatala kung saan inaatas ng mga patnubay ng estado at pederal.
- Ang pagbabakuna para sa lahat ay mahigpit na nirerekomenda para panatiliin ang mga pasyente, bisita at kawaning ligtas.
- Ang mga bisita ay ii-screen para sa mga salik sa peligro ng COVID-19. Ang mga temperatura ay susuriin din.
- Ang mga bisitang may sintomas ay pauwiin para sa kaligtasan ng ating mga pasyente at kawani.
- Ang mga bisitang pumasa sa unang screening pero nagkaroon ng mga sintomas ng COVID-19 anumang oras sa pagbisita nila ay pauwiin din. Sa panahong iyon, ang alternatibong bisita ay maaaring payagan at kailangang sumunod sa parehong proseso ng pag-screen.
- Kung nakumpirma ang bisita na may sintomatikong COVID-19 pero nakatutugon sa mga sumusunod na kundisyon, maaaring payagan silang bumisita kung:

- Lumagpas ang 72 oras mula noong gumaling: walang lagnat (mahigit sa o katumbas ng 99.5 F) nang hindi gumagamit ng gamot na nagpapababa sa lagnat, AT
  - Pagbuti sa mga respiratoryong sintomas, tulad ng ubo at kakapusan sa paghinga, AT
  - 14 na araw man lang ang nakaraan mula noong unang lumabas ang mga sintomas ng COVID-19
- Kung ang bisita ay walang sintomas (hindi nakararanas ng mga sintomas) sa oras ng kanilang unang positibong COVID-19 test at wala pa rin silang sintomas, maaari silang payagan na bisitahin kung hindi bababa sa 14 na araw na ang lumipas mula sa kanilang unang positibong test.

### **Patnubay sa Mga Aprubadong Bisita:**

- Kung ang mga indibidwal ay hindi bumibisita, dapat silang ligtas na maghintay sa labas ng ospital o sa kanilang kotse. Sa pangkalahatan, ang mga silid-hintayan, maliban kung iniutos ng pangkat ng pangangalaga, ay sarado para sa mga bisita. Sakaling napakasama ng panahon at/o para sa kaligtasan ng (mga) bantay, ang mga silid-hintayan ay maaaring gamitin ayon sa tinukoy ng kawani ng Nuvance Health.
  - Ang mga silid-hintayan para sa OR/operasyon sa parehong araw o mga pamamaraan sa paggamot sa parehong araw ay muling magbubukas simula Nobyembre 2 ngunit ito ay susunod sa mahigpit na mga limitasyon sa kapasidad batay sa bawat espasyo. Kapag naabot ang pinakamataas na kapasidad, walang karagdagang bantay ang papayagang gamitin ang espasyo.
- Dapat manatili ang mga bisita sa kuwarto ng pasyente sa lahat ng pagkakataon (maliban kung gagamit ng banyo) at sumunod sa lahat ng patnubay para sa personal protective equipment (PPE) — tulad ng pagsuot ng medikal grade na face mask — ayon sa tagubilin ng pangkat ng pangangalaga. Kung binilinan ng pangkat ng pag-aalaga ang pangsuportang tao na tumulong sa pasyente sa paggalaw sa yunit, aprubado itong pangyayari na umalis sa kuwarto ng pasyente. Dapat laging sundin ang social distancing sa mga ibang pasyente at miyembro ng kawani.
- **Pakigamit ang call light para kumonekta sa miyembro ng pangkat ng pag-aalaga mula sa kuwarto ng pasyente.** Pinananatili nitong ligtas ang mga pasyente, kawani at bisita.
- Dapat lumabas ang mga bisita sa kuwarto o hindi maaaring bumisita sa panahon kung saan ang anumang pamamaraan na gumagawa ng aerosol o paggamot ay isinasagawa (o katatapos lang nito) ayon sa tagubilin ng pangkat ng pag-aalaga
- Kung maganap ang pagpapalabas sa labas ng oras ng pagbisita, ang klinikal na pangkat ay maaaring mag-imbita ng pangsuportang tao para aktibong tumulong sa proseso ng edukasyon ng pagpapalabas para maitaguyod ang

kaligtasan ng pasyente sa kanilang klinikal na diskresyon. Ang clinician na nag-iimbata sa pangsuportang tao ay mag-aabiso sa front desk bago pa man ang pagdating para masiguro na ang pangsuportang tao ay papapasukin.

### **Patnubay para sa mga Pasyenteng Positibo sa COVID-Positive o Hinihinala:**

Para sa lahat ng hinihinala o positibo sa COVID na pasyente na mas bata sa edad sa 21, mga maternity na pasyente o mga may matitibay na kalagayan, papayagan silang mabisita ayon sa patnubay sa ilalim ng seksiyon (Mga Patnubay sa Pagbisita para sa Mga Pasyenteng Mas Bata sa Edad na 21, Mga Neonatal na Pasyente, Mga Maternity na Pasyente, at Matitibay na Sirkumstansiya) na nakatala sa itaas.

Para sa lahat ng mga hinihilala o positibo sa COVID na pasyente:

- Kailangan ang paunang talakayan sa pangkat ng pag-aalaga para matimbang ang peligro at mga benepisyong pagbibigay ng personal na suporta
- Ang pangsuportang tao ay bibigyan ng PPE na kasama ang: mga guwantes, gown, medikal grade na mask at proteksiyon sa mata
- Mangyaring isaalang-alang ang paggamit ng teknolohiya para manatiling konektado at malayuang maghandog ng suporta.
- Ang hinihinala o positibong pasyente ng COVID na gumagamit ng CPAP, BiPAP o high flow oxygen ay may limitasyon ng oras na 15 minuto, at ang mga pagbisita ay papayagan lang para sa mga pasyenteng ito na may matitibay na sirkumstansiya.

### **Ang mga sumusunod na bisita ay hindi papayagan sa ngayon:**

- Ayon sa utos ng mga ehekutibo ng estado, ang sinumang magbibiyahang papunta sa Connecticut o New York ay dapat sumunod sa partikular sa estado at/o CDC na payo sa pagbiyahe. Ang listahan ng mga estado at teritoryo ay regular na ina-update. Mangyaring pumunta sa mga website ng Payo sa Pagbibiyahang para sa pinakabagong impormasyon: [Payo sa Pagbiyahe sa Connecticut \(https://portal.ct.gov/coronavirus/travel\)](https://portal.ct.gov/coronavirus/travel); [Payo sa Pagbiyahe sa New York \(https://coronavirus.health.ny.gov/covid-19-travel-advisory\)](https://coronavirus.health.ny.gov/covid-19-travel-advisory).
- Ang mga aprubadong bisita ay hindi pinapayagang gumamit ng kapeterya/Bistro para bumili ng pagkain at inumin sa ngayon. Ang mga bisita para sa mga pasyenteng espesyal na populasyon/malalakas na sirkumstansiya ay maaaring patuloy na kumain sa mga kuwarto ng pasyente bilang inaatas. Ang pagsusuot ng mask ay dapat unahin at ang mga pagkakataon na ang pangsuportang tao at pasyente ay walang mask ay dapat iwasan at dapat maglayo.
- Ang mga nagtitinda ay limitado sa ngayon sa mahahalagang nagtitinda na kumpirmado ng kanilang departamento ng pagtanggap.



Lubos kaming humihingi ng pag-unawa sa anumang abalang maaaring dulot sa iyo ng patakaran sa pagbisita ito at sa pamilya mo. Napakahalagang paraan ito para malimita ang peligro para limitahin ang posibleng pagkalantad sa COVID-19 sa iyo, mga mahal mo sa buhay, at sa komunidad. Alam natin na ang mga bisita at mahal sa buhay ay may mahalagang tungkulin bilang mga kasosyo sa paggaling at wellness. **Kaya ang patakaran sa pagbisita na ito ay regular na muling susuriin at aalisin kapag pinahihintulan na ng mga kundisyon.**

Bumisita sa [nuvancehealth.org/coronavirus](https://www.nuvancehealth.org/coronavirus) para sa pinakabagong impormasyon.

*Ang patakaran sa pagbisita na ito ay sasailalim sa pagbabago.*

---